

# Pinakamadadalas Itanong ng Claimant - Unemployment Insurance (Insurance sa Kawalan ng Trabaho)

*(Isinalin-wika ang dokumentong ito noong Marso 27, 2020. Maaring may mas bagong impormasyon pagkalipas ng petsang ito. Gagawin ang lahat para mai-update ang pagsasalin na ito nang maaga para sa lahat ng importanteng update.)*

## PANGKALAHATANG IMPORMASYON

### 1. Kailan ako dapat unang mag-file? Paano ako mag-file?

Hindi matutukoy ang pagkakarapat-dapat para sa mga benepisyo ng unemployment insurance hanggang sa aktuwal kang mag-file ng unang claim. Kung wala kang trabaho o nagtatrabaho nang part-time, i-file ang claim mo sa lalong madaling panahon, dahil nagsisimula ang pagkakarapat-dapat mo sa linggo kung kailan ka nag-file ng claim. Magkakabisa ang claim mo sa Linggo ng linggong nag-apply ka para sa mga benepisyo.

Maaari kang mag-file sa pamamagitan ng Internet sa [mdunemployment.com](http://mdunemployment.com) o sa pamamagitan ng telepono gamit ang isa sa mga nakalistang numero ng telepono sa Home Page ng Unemployment Insurance sa ilalim ng "[Claim Center Telephone Numbers](#)."

### 2. Anu-anong impormasyon ang kailangan ko bago mag-file ng claim?

Kailangan na mayroong:

- Pangalan mo, Social Security number, address at numero ng telepono;
- kung nagdeklara ka ng mga dependent (umaasa sa iyo), kakailanganin ang mga pangalan nila, mga petsa ng kapanganakan at mga Social Security number; at
- ang pangalan, buong payroll address, numero ng telepono at dahilan ng pagkakatanggal para sa bawat employer na pinagtrabahuhan mo para sa 18 buwan bago mag-file ng claim mo.
- kung hindi ka isang mamamayan, katibayan ng alien status mo
- kung nasa sandataang-lakas ka sa loob ng 18 buwan, ang DD214, Member 4 mo.
- kung nagtrabaho ka para sa Federal Government, ang Form-50 o SF-8 mo kung mayroon

### 3. Paano kung nagtrabaho ako sa ibang estado bukod sa Maryland?

Ihinahain ang claim para sa unemployment insurance sa estado kung saan ka nagtrabaho, hindi kung saan ka nakatira. Kung lahat ng trabaho mo sa nakalipas na 18 buwan ay sa estado bukod sa Maryland, dapat na ihain ang claim mo sa estadong iyon. Pinamamahalaan ng mga batas ng estado kung saan ka naghain ang claim mo. Sa karamihan ng mga kaso, sasabihan ka na direktang makipag-ugnayan sa estado kung saan ka nagtrabaho; [States' Unemployment Insurance Contact Information](#) o kaya'y maaari kang tumawag sa isang Claim Center ng Maryland, [Mga Numero ng Telepono ng Claim Center](#).

### Hindi maihahain ang mga claim na ito gamit ang Internet Website ng Maryland Unemployment Insurance.

Ang anumang benepisyong matatanggap mo ay babayaran ng estado kung saan ka nag-file at lahat ng pakikipag-uusap ay sa estadong iyon. Dapat na masapatan mo ang lahat na hinihingi ng mga batas ng estadong iyon upang maging karapat-dapat.

Dahil nagkakaiba-iba ang mga batas ng bawat estado, posibleng naiiba ang base period, taon ng benepisyo at halagang ibabayad kaysa sa nagtatrabaho sa Maryland. Mangingibabaw ang mga batas ng estado kung saan ka nag-file ng claim.

Maaaring i-file ang mga claim para sa mga benepisyo ng unemployment insurance sa alinman sa United States, sa District of Columbia (D.C.), Canada, Puerto Rico o sa Virgin Islands.

Tandaan: Maaaring may magkakaibang panahon ng multa, panuntunan para sa mga allowance ng dependent, atbp. ang magkakaibang estado.

#### **4. Paano kung nagtrabaho ako sa higit sa isang estado sa nakalipas na 18 buwan?**

Maaaring magkaroon ka ng opsyon na maghain sa alinmang isa sa mga estado kung saan ka nagtrabaho at maging karapat-dapat na makatanggap ng pera. Mapipili mong pagsamahin ang mga sweldo ng mga estado kung saan ka nagtrabaho para makapagtatag ng pinagsamang claim sa sahod, na maaaring magresulta sa mas mataas na halaga ng lingguhang benepisyo.

Para matukoy kung sa aling mga estado ka may opsyon na mag-file, makipag-ugnayan sa mga estado kung saan ka nagtrabaho para tuklasin ang lahat ng opsyon. Maaaring i-file ang pinagsamang claim sa sahod sa alinmang estado kung saan ka nagtrabaho at nakatanggap ng sweldo sa base period ng estado at kwalipikado ka batay sa pagsasama ng mga sahod mo. **Hindi maihahain ang mga claim na ito gamit ang Internet Website ng Maryland Unemployment Insurance.** Para sa mas maraming impormasyon, maaari kang tumawag sa isang Maryland Claim Center, "[Mga Numero ng Telepono ng Claim Center](#)" o makipag-ugnayan sa mga estado kung saan ka nagtrabaho. Nakalista ang mga numero ng telepono ng iba pang mga estado sa "[State's Unemployment Insurance Contact Information](#)."

#### **5. Paano kung nananahan ako sa ibang estado, pero nagtrabaho sa Maryland?**

Kung ang mga kinita mo sa base period ay nasa Maryland, pero hindi ka nananahan sa Maryland, ifa-file mo ang claim mo sa Maryland. Papamahalaan ng Maryland Unemployment Insurance Law ang claim mo. Maaari mong i-file ang claim mo sa pamamagitan ng Internet sa [mdunemployment.com](#) o sa pamamagitan ng telepono gamit ang isa sa mga numero ng telepono na nakalista sa Unemployment Insurance Home Page sa ilalim ng "[Claim Center Telephone Numbers](#)."

Kung lilipat ka pagkaraang magtatag ng claim sa Maryland, tumawag sa [Claimant Information Service](#) para ipabago ang address mo.

#### **6. Magkano ang maaari kong matanggap at paano natutukoy ang aking weekly benefit amount (WBA)?**

Ang weekly benefit amount (WBA) ay halaga ng pera na maaari mong matanggap at nakabatay ito sa halagang ibinabayad sa iyo ng lahat na employer na pinagtrabahuhan mo sa loob ng base period. Kung mas malaki ang kinikita mo, magiging mas malaki rin ang lingguhang halaga ng benepisyo hanggang sa maximum na pinapahintulot ng batas. Ang kasalukuyang lingguhang halaga ng benepisyo na hatid ng Maryland Unemployment Insurance Law ay nasa pagitan ng minimum na \$50 hanggang sa maximum ng \$430.

#### **Standard na Base Period**


Ang standard na base period ay ang unang apat ng huling limang quarter sa kalendaryo na natapos bago ka nag-file ng bagong claim para sa mga benepisyo. Kung nagtrabaho ka nang full-time sa lahat ng apat na quarter, ang weekly benefit amount (WBA) mo ay magiging humigit-kumulang kalahati ng lingguhang gross na lingguhang sweldo mo hanggang sa maximum na weekly benefit

amount na umiiral sa panahong iyon. Dapat na mayroon kang kinita sa dalawa man lang sa huling apat na quarter ng base period. Tingnan ang Maryland Schedule of Benefits bilang [web page](#) o isang [PDF document](#).

Halimbawa ng standard na base period:

Kung mag-file ka ng claim mo sa Marso, ang base period mo ay magiging ang 12-buwan na panahon mula ika-1 ng Oktubre hanggang ika-30 ng Setyembre bago mo na-file ang claim mo. Ipinapakita ng talaan sa ibaba ang base period para sa isang bagong claim na nai-file sa anumang buwan ng taon:

Buwan ng Bagong Claim	Ang Standard na Base Period ang 12-Buwan na Panahong Nagtatapos sa Naunang:
Enero, Pebrero o Marso	Setyembre 30
Abril, Mayo o Hunyo	Disyembre 31
Hulyo, Agosto o Setyembre	Marso 31
Oktubre, Nobyembre o Disyembre	Hunyo 30



Kung nagtrabaho ka sa labas ng Maryland o para sa Federal government o naglingkod sa Armed Services sa loob ng base period mo, dapat mong iulat ang impormasyon na ito kapag nag-file ka ng claim. Sa ilang sitwasyon, isinasama ang mga sweldong ito sa mga sweldo mo sa Maryland para mabigyan ka ng mas mataas na weekly benefit amount. Kung wala kang kinita sa Maryland sa loob ng base period, maaaring hingin sa iyo na mag-file ng Federal claim o isang interstate claim. Tutulungan ka ng staff ng Division of Unemployment Insurance sa prosesong ito.


### Alternatibong Base Period

Sa ilalim ng batas, kung hindi ka karapat-dapat na tumanggap ng pera para sa anumang benepisyo ng unemployment insurance gamit ang standard na base period, na ibinalangkas sa itaas, sa gayon, awtomatikong isasaalang-alang ang Alternatibong Base Period para sa posibleng pagkakarapat-dapat na tumanggap ng pera. Ginagamit ng alternatibong base period ang pinakahuling natapos na apat na quarter ng mga sweldo.

Halimbawa ng alternatibong base period:

Kung mag-file ka ng claim mo sa Marso, ang base period ay magiging ang 12-buwan na haba ng panahon mula ika-1 ng Enero hanggang ika-31 ng Disyembre bago ka nag-file ng claim. Ipinapakita ng talaan sa ibaba ang alternatibong base period para sa isang bagong claim na nai-file sa anumang buwan ng taon:

Buwan ng Bagong Claim	Ang Alternatibong Base Period ang 12-Buwan na Panahong Nagtatapos sa Naunang:
Enero, Pebrero o Marso	Disyembre 31
Abril, Mayo o Hunyo	Marso 31
Hulyo, Agosto o Setyembre	Hunyo 30
Oktubre, Nobyembre o Disyembre	Setyembre 30



### 7. Paano ko malalaman kung karapat-dapat akong tumanggap ng pera?

Makatanggap ka ng form na tinatawag na "Determination of Monetary Eligibility." Ipapakita nito ang mga sahod mo sa base period at weekly benefit amount mo kung karapat-dapat kang tumanggap ng pera.

Ikokoreo sa iyo ang Form DLLR/DUI 212, "Determination of Monetary Eligibility" sa loob ng 3 araw pagkaraang mag-file ka ng unang claim mo. Ang form na ito ay para sa mga record mo at nilalaman nito ang lista ng mga kinita mo sa base period. Nakalista dito ang lahat ng employer na pinagtrabahuhan mo na protektado ng Maryland Unemployment Insurance Law at lahat ng sweldong iniulat ng mga employer na ito sa ilalim ng pangalan at Social Security number mo sa loob ng base period.

Suriin nang mabuti ang form na ito. Ito ba'y:

- Inililista ang sinumang mga employer na hindi mo pinagtrabahuhan?
- Inililista ang lahat ng employer na pinagtrabahuhan mo sa loob ng base period mo?
- Inililista ang lahat ng sahod na kinita mo sa loob ng base period na iyon?

Kung sa palagay mo'y may kinakailangang iwasto, dapat kang makipag-ugnayan sa [Claimant Information Service](#) sa loob ng 15 araw at humingi ng pagwawasto. Maaaring hingin sa iyo na magbigay ng mga kopya ng Social Security card mo, mga check stub, mga W-2 form at anumang iba pang katibayan ng pasahod na mayroon ka.

Tandaan, dapat kang makipag-ugnayan sa DUI sa loob ng 15 araw para matanggap ang tinututulan mo. Ihanda ang "Determination of Monetary Eligibility" mo kapag tumawag ka. Dagdag pa, dapat patuloy kang mag-file nang nasa oras ng mga weekly claim certification (hiling na kabayaran) habang hinihintay mo ang resulta ng protesta.

Kung hindi ka karapat-dapat para sa **anumang** unemployment insurance batay sa standard na base period na ipinaliwanag sa itaas, maglalaman ang form ng mga tagubilin sa kung paano mag-apply para sa alternatibong base period, na ipinaliwanag din sa itaas. Kakailanganin mong makipag-ugnayan sa DUI sa loob ng 15 araw gaya ng ipinaliwanag sa naunang parapo at patuloy na mag-file ng nasa oras na mga weekly claim certification (hiling na kabayaran).

Dagdag pa sa pagiging karapat-dapat para makatanggap ng pera, dapat na wala kang trabaho nang hindi mo kasalanan, kaya mong magtrabaho, nakahandang magtrabaho, naghahanap ng full-time na trabaho (maliban kung inilarawan ng Unemployment Insurance bilang isang part-time na trabahador), at handang tanggapin ang trabahong kwalipikado ka para makatanggap ng mga benepisyo.

#### **8. Maaari ba akong bayaran para sa mga dependent?**

Para sa mga layunin ng Unemployment Insurance, ang isang a dependent ay inilarawan bilang isang anak na lalaki, anak na babae, stepson, stepdaughter, o legal na inampon na bata (hindi apo o foster child) na wala pang 16 taon gulang na ikaw ang nasusumento. Maaaring karapat-dapat ka para sa allowance ng dependent na \$8 kada dependent nang hanggang 5 dependent na bata. Ibibigay lang ang allowance ng dependent nang 26 linggo sa loob ng anumang isang taon na haba ng panahon. Isang magulang lang ang maaaring mag-claim ng dependent sa loob ng anumang isang taon na haba ng panahon. Ang maximum na weekly benefit amount, kabilang ang anumang allowance ng dependent ay kasalukuyang nasa \$430 kada linggo.

#### **9. Pinapatawan ba ng buwis ang mga pagbabayad ng unemployment insurance?**

Oo. Dapat na iulat ang anumang benepisyo ng unemployment insurance na natatanggap mo bilang bahagi ng kabuuang kinita mo kapwa para sa mga layunin sa buwis ng estado at pederal. Para matulungan ka sa pag-file ng mga tax return mo, magpapadala kami sa iyo ng IRS Form 1099-G na nagpapakita sa kabuuang halaga ng mga benepisyo ng unemployment insurance na ibinayad sa iyo sa nakalipas na taon. Maaari mong piliin na ipaawas ang mga buwis mula sa mga pagbabayad ng unemployment insurance. Mapipili mong ipaawas ang kapwa o wala sa alinman sa mga Pederal na buwis at buwis ng Maryland state. Dapat mong lagdaan at isauli ang W-4 form sa amin bago maaaring i-withhold ang anumang buwis mula sa mga benepisyo mo sa unemployment insurance.

#### **10. Anu-ano ang mga responsibilidad ko bilang isang claimant?**

Kung nagfa-file ka pa lang ngayon o kasalukuyan ka nang tumatanggap ng mga benepisyo ng unemployment insurance, dapat na ikaw ay:

- kayang magtrabaho, nakahandang magtrabaho at dapat na gumawa ng [aktibong paghahanap para sa full-time na trabaho](#) (maliban kung inilarawan ng Unemployment Insurance bilang isang part-time worker);
- mag-ulat ng lahat na sahod na kinita sa bawat linggo;
- mag-ulat ng lahat na perang natanggap mo (hal., vacation pay, severance pay, mga pension payment, atbp.);
- maging handa at/o makipag-ugnayan sa Division of Unemployment Insurance kapag sinabihang gawin ito;
- mag-ulat sa Maryland Division of Workforce Development and Adult Learning kapag hininging gawin ito;
- tumanggap ng naaangkop na trabaho ayon sa intinalaga ng batas;
- mag-file nang nasa oras ng mga weekly claim certification (hiling na kabayaran). Para sa mas maraming detalye basahin ang tanong na, "[Gaano kadalas at kailan ako dapat mag-file ng mga weekly claim certification \(hiling na kabayaran\)?](#)"
- Mula Disyembre 3, 2017, para maging karapat-dapat para sa mga benepisyo, dapat na gumawa ka ng tatlo (3) man lang na balidong job contact kada linggo. Dapat magsumite ng

mga job application o resumes kung saan tinatanggap ng mga nagpapatrabahong employer. Ang mga sumusunod balidong job contact ay ang mga sumusunod: a) kaugnayan ang isang indibidwal na may kaalaman tungkol sa trabaho; b) ugnayan sa telepono sa indibidwal na may kaalaman tungkol sa trabaho; c) elektronikong pagpadala (e.g internet, email, fax); o d) iba pang paraan na naaangkop sa klasipikasyon ng trabaho o ayon sa tinukoy ng employer.

- Kung ikaw ay nagfa-file sa internet o sa pamamagitan ng telepono dapat mong ipasok ang mga job contact mo sa [MWE-REX WORK SEARCH VERIFICATION LOG](#). Dapat mo rin ipasok ang anumang sahod para sa lahat ng trabaho, kabilang ang fulltime, part time, temporary, self-employment, mga tip o odd job. Dapat mong iulat ang mga kinitang ito sa loob ng linggong kinita ito aktuwal ka man na binayaran o hindi. Gayunpaman, dapat na iulat ang mga binayang commission sa loob ng linggong binayaran. Dapat ipasok ang lahat ng kinita sa [MWE-REX WORK SEARCH VERIFICATION LOG](#). Mahahanap ang log sa [Reemployment Exchange \(REX\)](#). Mananatili ang impormasyon na isusumite mo sa REX bilang permanenteng record mo ng mga job contact at maaaring i-print kung kailangan mo ng kopya ng mga contact mo. Ang kabihuan na isagawa at itala ang tatlong (3) contact man lang kada linggo ay magresulta sa pagtanggap sa pagbayad ng mga benepisyo.

### **11. Dapat ba akong mag-enroll sa Maryland Division of Workforce Development and Adult Learning?**

Nagbibigay ang [Maryland Division of Workforce Development and Adult Learning \(DWDAL\)](#) ng buong saklaw ng mga serbisyo sa patrabaho sa pamamagitan ng American Job Centers at internet. Ang libreng komprehensibong tulong sa paghahanap ng trabaho ay importanteng bahagi ng package ng mga benepisyo ng unemployment insurance mo. Sa ilalim ng batas ng Maryland sa Unemployment Insurance, daapt kang mag-enroll sa DWDAL sa loob ng 5 araw ng pag-file ng unang claim mo. Dapat kang mag-enroll ng alinman sa 1) nang personal sa pamamagitan ng pagbisita sa pinakamalapit na one-stop career center; o 2) sa pamamagitan ng internet sa [Maryland Workforce Exchange](#). Makikita ang lista ng mga American Job Center sa likurang balot ng polyeto ng mga benepisyo na, "What You Should Know About Unemployment Insurance in Maryland," at sa internet sa [Maryland Workforce Exchange](#).

- Dapat na magrehistro nang ganap ang lahat ng claimant sa s Division of Workforce Development and Adult Learning ng Maryland sa loob ng (5) araw ng pag-file ng kanilang unang claim.
- Dapat na i-verify ng mga claimant [Maryland Workforce Exchange \(MWE\)](#) ang mga seksiyon ng demograpiko at edukasyon, ipasok ang impormasyong ng nakaraang mga trabaho at lumikha ng resume sa system sa pamamagitan ng Resume Builder ng MWE; o mag-upload ng dati nang resume sa databasr ng MWE.

### **12. Maaapektuhan ba ng kabiguan kong mag-ulat sa Division of Workforce Development and Adult Learning sa mga benepisyo ko sa kawalan ng trabaho?**

Ang kabihuang mag-ulat gaya nang itinagubilin ng Division of Workforce Development and Adult Learning ay maaaring magresulta sa pagkaantala o pagtanggap sa mga benepisyo mo sa unemployment insurance.

Kung minsan, maaaring makatanggap ka ng abiso na mag-ulat para sa ilang anyo ng serbisyo na hatid ng Division of Workforce Development and Adult Learning gaya ng Reemployment Services and Eligibility Assessment (RESEA), pagrehistro, job referral o isang Reemployment Opportunity Workshop (ROW). Sasabihin sa iyo ng abiso kung kailan at saan ka mag-uulat. Dapat kang mag-ulat nang personal sa petsa at oras na ipinakita sa abiso. Sa tuwing mag-uulat ka dapat na handa kang tanggapin ang alok ng naaangkop trabaho at maging handang magtrabaho agad. Huwag magdadala ng mga bata, bisita o alagang hayop sa tanggapan. Magdamit nang angkop para sa job interview. Dalhin ang abiso.

### **13. Anong kinita ang dapat kong iulat at kailan ito dapat iulat? Ano ang magiging epekto ng kinitang ito sa mga benepisyo ko?**

Dapat na iulat ang anumang kinita. Gagawa ng pagtukoy ang staff ng Division of Unemployment Insurance (DUI) batay sa Maryland Unemployment Insurance Law kaugnay ng mga perang magkakaroon ng epekto sa halaga ng lingguhang benepisyo mo.

Kapag nag-file ka ng unang claim mo o muling binuksan ang isang dati nang claim, dapat mong iulat ang mga sahod na full o part-time na kinita sa loob ng linggong iyon ng regular na pagtatrabho, self-employment, mga odd job, atbp. binayaran ka man o hindi noong linggong iyon.

Dapat mo rin iulat ang mga pensyon, annuity, holiday pay, vacation pay, severance pay, mga bonus at mga espesyal na bayad na natanggap o matatanggap mo. Dapat iulat ang mga kabayaranang komisyon sa loob ng linggo nang matanggap mo ang komisyon.

Kapag nag-file ka ng weekly claim certification mo, dapat mong iulat ang lahat ng kabuuang kinita (lahat ng kinita bago iawas ang buwis at iba pang kaltas) na kinita sa loob ng linggo kung kailan isinagawa ang trabaho binayaran ka man o hindi sa loob ng linggong iyon. Kabilang dito ang mga kinitang sahod para sa permanente at pansamantalang trabaho, part-time at full-time na trabaho, self-employment at mga odd job. Iba ang pag-asikaso sa mga bayad na komisyon. Dapat iulat ang mga kabayaranang komisyon sa loob ng linggo ng claim nang matanggap mo ang mga bayad na komisyon. Hindi iaawas ang unang \$50 na kinita mula sa mga benepisyo ng unemployment insurance. Gayunpaman, dapat mong iulat ang lahat ng kinita, kahit na wala pang \$50. Iaawas ang anumang kinita na hihigit sa \$50 kada linggo mula sa ibabayad sa iyong benepisyo nang dollar-for-dollar na batayan. Ang mga kinita ay ituturing na kabayaran, sa anumang anyo, para sa anumang trabaho o serbisyong ginawa, kabilang ang self-employment, mga tip at mga odd job.

Dagdag pa, dapat abisuhan ang DUI kung makatanggap ka ng back pay award o, kung magsimula kang makatanggap ng mga benepisyo, magbabago ang halaga ng buwanang pensiyon mo.

Kapag bumalik ka sa trabaho, dapat mong iulat ang mga kinita mong sahod sa unang linggong ng pagtrabaho mo, binayaran ka man o hindi.

Kung hindi mo iulat ang mga pagbayad na ito gaya ng itinagubilin, nagsasagawa ka ng panloloko sa unemployment insurance. Kung matagpuan kang nagkasala sa panloloko, dapat na bayarana ng lahat na benepisyong natanggap sa panloloko nang may interes, at hindi ka papayagan na makatanggap ng anumang benepisyo ng unemployment insurance sa hinaharap nang isang taon mula sa petsa na natukoy ang panloloko. Dagdag pa sa mga multang administratibo na ito, maaari kang multahan ng hanggang \$1,000 o makulong nang hanggang 90 araw, o pareho.

- Anumang linggo na kumita ka ng sahod kabilang ang full-time, part-time, temporary, self-employment, mga tip o mga odd job. Dapat mong iulat ang mga perang ito kapag kinita.
- Gayunpaman, dapat na iulat ang mga kinitang komisyon sa linggo na aktuwal kang binayaran at dapat iulat ang lahat ng kinita sa [MWE-REX WORK VERIFICATION LOG](#).

### **14. Maaari ba akong hindi ibilang sa hinihinging regular na paghahanap ng trabaho?**

Maaaring karapat-dapat ka para sa isang uri ng di-pagkakabilang sa paghahanap ng trabaho kung ikaw ay:

- Pansamantalang inalis sa trabaho at binigyan ka ng employer mo ng tiyak na petsa ng pagbalik sa trabaho na 10 linggo o mas maikli pa;
- Isan gmiyembro ng unyon at pinapayagan lang na makuha ang trabaho mo sa pamamagitan ng union hiring hall;

- Nasa programa ng pagsasanay na aprubado ng ahensiya;
- Naglilingkod sa hurado;
- Kalahok sa Work Sharing program.

### **15. Gaano kadalas at kailan ako dapat mag-file ng mga weekly claim certification (hiling na kabayaran)?**

Kung mag-file ka ng claim para sa unemployment insurance sa State of Maryland, dapat kang mag-file ng mga weekly claim certification para sa bawat linggo ng kawalan ng trabaho ng hinihiling mong mga benepisyo ng UI. Maaari mong i-file ang mga weekly claim certification (hiling na pagbayad) mo sa pamamagitan ng [Internet \(Webcert\)](#) o [telepono \(Telecert\)](#). Ang bawat weekly claim certification ay sumasaklaw sa isang linggong haba ngpanahon.

Responsibilidad mo na subaybayan ang mga linggo na hinihiling mong mabayaran at i-file ang mga weekly claim certification na iyon sa pamamagitan ng telepono o internet nang nasa oras. Ang kabiguan na i-file ang mga weekly claim certification mo nang nasa oras ay nagdudulot ng mga pagkaantala sa benepisyo at maaaring magresulta sa pagtangga ng mga benepisyo. Kun gnai-file nang maayos ang mga weekly claim certification mo at tinanggap ang mga ito sa pamamagitan ng telepono o internet, makatatanggap ka ng processing number. **Kung hindi ka makatanggap ng processing number, hindi tinanggap ang weekly claim certification.** Kung mangyari ito, dapat kang makipag-ugnayan agad sa [Claimant Information Service](#) upang matiyak ang nagpapatuloy na pagbabayad ng mga benepisyo. **Huwag maghintay.** Para maituring na nasa oras, dapat na mai-file ang weekly claim certification mo bago mag-5:00 p.m. ET sa Biyernes ng sumusunod na linggo ng hinihiling mong mga benepisyo.

#### *Halimbawa:*

*Upang makapag-file ng maagang weekly claim certification para sa linggong nagtatapos sa Marso 12, 2016, dapat kang mag-file sa pamamagitan ng telepono o internet sa pagitan ng 12:01 a.m. sa Marso 13, 2016, (Linggo) at 5:00 p.m. EST sa Marso 18, 2016 (Biyernes). Maaaring tanggihan ang mga benepisyong hindi nai-file nang nasa oras ayon sa batas at mga regulasyon ng unemployment insurance. Tatanggihan din ang anumang claim para sa mga linggo sa pagitan ng unang atrasadong linggo at petsa nang tumawag ka sa DUI para muling buksan ang claim mo.*

Napakaimportante na kumpleto, tama, tapat ang mga tugon mo sa mga katanungan na nasa weekly claim certification. Ang mga tugon mo sa mga tanong na ito ay magiging bahagi record mo sa Unemployment Insurance at pananatilihin ang mga ito. Tandaan na kriminal na paglabag ang gumawa ng mga di-makatotohanang pahayag o mabigong isiwalat ang anumang sahod o iba pang materyal na katotohanan upang makakuha o madagdagan ang mga benepisyo.

Para sa bawat linggo na mag-file ka ng claim certification, dapat kang magtala ng minimum na tatlong (3) balidong contact sa lingguhang paghahanap ng trabaho sa [MWE-REX WORK SEARCH VERIFICATION LOG](#). Elektroniko ang log na ito at pananatilihin ang mga contact sa paghahanap ng trabaho para sa itatagal ng claim ng claimant na kawalan ng trabaho. Maaari rin gamitin ng mga claimant ang mano-manong log. Ang mga [log](#) na ito ay mahahanap sa [mdunemployment.com](#) website.

### **16. Paano ko matatanggap ang mga benepisyo ko sa unemployment insurance?**

Para makapagbigay ng mga pagbayad ng benepisyo sa ligtas at mabilis na paraan, naglalabas ang State of Maryland ng mga pagbayad s benepisyo ng unemployment insurance sa Maryland Unemployment Insurance (UI) Benefits Debit Card. Kung nais mong matanggap ang mga pagbayad ng benepisyo mo sa pamamagitan ng papel na tseks na ikokoreo sa address mo, tumawag sa:

- 410-949-0022 (sa labas ng Maryland o sa loob ng Baltimore-metro calling area);



- Kung hindi, tumawag sa 1-800-827-4839 para hilingin ang opsyon na ito.

Ini-issue ang Visa® debit card na ito sa pamamagitan ng Bank of America. Walang activation fee o purchase fee para gamitin ang debit card ng Bank of America Visa®. [Tingna ang mga karagdagang pagsisiwalat tungkol sa debit card.](#)

### **17. Gaano katagal ako maaaring tumanggap ng mga pagbayad ng benepisyo?**

Kung mananatili kang ganap na walang trabaho at hindi karapat-dapat, maaari kang makatanggap nang 26 beses ng lingguhang halaga ng benepisyo. Ito ang maximum na halaga ng benepisyo ng unemployment insurance na maibabayad sa ilalim ng batas. Dahil may sistema ang Maryland sa pagproseso ng weekly claim certification, ang bawat pagbayad ay kumakatawan sa isang linggo ng mga benepisyo. TANDAAN: Ang isang pagkakataon na mahihigitan ng mga benepisyo ang halagang lagpas sa 26 linggo times sa mga halaga ng lingguhan benepisyo mo ay kung may magagamit na pederal na extension program. Aabisuhan ka kung may umiiral na extension program.

Maaari kang mag-file ng mga claim para sa higit sa 26 na linggo kung kumita ka ng ilang sahod at binayaran ng partial na benepisyo. Gayunpaman, kung mag-file ka ng higit sa 26 na linggo ng benepisyo, hindi hihigit sa 26 linggo ng allowance ng dependent ang mababayaran sa isang taon ng benepisyo. Kung natanggap mo ang lahat na benepisyong karapat-dapat kang matanggap (karaniwang 26 linggo), sa gayon ay hindi ka na makatatanggap hanggang sa matapos ang taon ng benepisyo, kahit na magtrabaho ka na muli at mawalan ng trabaho. TANDAAN: Ang isang pagkakataon na mahihigitan ng mga benepisyo ang halagang lagpas sa 26 linggo times sa mga halaga ng lingguhan benepisyo mo ay kung may magagamit na pederal na extension program. Aabisuhan ka kung may umiiral na extension program.

### **18. Ano ang taon ng benepisyo at gaano ito katagal nagtatagal?**

Kapag nag-file ka ng claim para sa mga benepisyo, nagtatatag ka ng "benefit year." Ang benefit year ay ang isang taon (52 linggo) na haba ng panahon sa nagsisimula sa Linggo ng unang linggo kung kailan ka nag-file ng bagong claim mo. Halimbawa, kung nag-file ka ng bagong claim mo nang Biyernes, Marso 11, 2016, magsisimula ang benefit year mo sa susunod na Linggo, Marso 6, 2016; ito ang magiging "effective date" mo. Magtatagal ang benefit year mo hanggang Marso 5, 2017. Sa loob ng isang benefit year, makatatanggap ka nang hanggang 26 times ang weekly benefit amount mo. Sa karaniwang sitwasyon, hindi ka maaaring magsimula ng panibagong benefit year hanggang sa matapos ang nauna. Gayunpaman, kung nagtrabaho ka rin sa ibang estado sa loob ng base period mo at natanggap mo na ang lahat ng benepisyo mo sa Maryland sa benefit year mo, maaari kang mag-file sa kabilang estado kung saan ka nagtrabaho at maaaring karapat-dapat ka para sa mga benepisyong mula sa estadong iyon. Tumawag sa [Claimant Information Service](#) para sa karagdagang impormasyon sa pagtatatag ng bagong benefit year.

### **19. Mayroon bang mga umiiral na extension program ng unemployment insurance?**

Wala. Sa panahong ito karapat-dapat kang tumanggap ng maximum ng dalawampu't-anim times ang lingguhang halaga ng benepisyo mo (26 na linggo ng buong benepisyo). Maaari kang mag-file ng mga claim para sa higit sa 26 na linggo kung kumita ka ng ilang sahod at binayaran ng partial na benepisyo. Sa mga panahon na maraming walang trabaho, maaaring may mga karagdagang linggo na magagamit. Kapag nangyari ito, kokontakin ang lahat na karapat-dapat na claimant tungkol sa anumang karagdagang benepisyo na magagamit.

### **20. [Anong mangyayari kung mag-quit ako sa trabaho?](#)**

### **21. [Anong mangyayari kapag nasisante ako sa trabaho?](#)**

**22. Paano kung nagtatrabaho ako nang full time pero mas mababa ang kinikita ko kaysa weekly benefit amount (WBA)?**

Kun gnagtatrabaho ka nang full-time pero kumikita ng sahod na mas mababa sa weekly benefit amount mo, hindi ka maituturing na walang trabaho ayon sa paglalarawan ng Maryland Unemployment Insurance law. Bilang resulta, hindi ka karapat-dapat sa alinman sa buo o partial na benepisyo ng unemployment insurance. Kaya, responsibilidad mo na abisuhan ang staff ng DUI na isa kang full-time worker. Ang kabiguan na magsiwalat ng katotohanang ito ay maituturing na panloloko para makakolekta ng mga benepisyo ng unemployment insurance.

**23. Kung nagtatrabaho ako nang part-time pero wala nang trabaho ngayon at naghahanap lang ng part-time na trabaho, karapat-dapat ba ako para sa mga benepisyo ng unemployment insurance?**

Maaaring maging karapat-dapat ang isang part-time worker na nawalan ng trabaho at naghahanap lang ng part-time na trabaho kun gmasasapatan niya ang paglalarawan at mga hinihinging nakabalangkas sa Maryland Unemployment Insurance Law. Nasa ibaba ang paglalarawan at mga hinihingi.

Ang isang part-time worker ay inilalarawan bilang indibidwal na ang pagkahandang magtrabaho ay limitado sa part-time na trabaho, at nagtrabaho nang 20 oras man lang kada linggo sa part-time na trabaho para sa karamihan ng mga linggo ng trabaho sa base period (pahanon na ginagamit para matukoy ang pagkakarapat-dapat na tumanggap ng pera para sa mga benepisyo).

Ang isang part-time worker ay itinuturing na kaya at handang magtrabaho kung kaniyang:

- Nasasapatan ang paglalarawan sa part-time worker na nakabalangkas sa itaas;
- Aktibong naghahanap ng part-time na trabaho;
- Nakahanda para sa part-time na trabaho para sa pinakamababang bilang ng oras na trinabaho sa part-time;
- Pinaka-kamakailang trabaho ng worker, pero hindi bababa sa 20 oras kada linggo; at
- Nasa merkado ng labor kung saan may makatuwirang pangangailangan para sa part-time na trabaho.

Ang isang part-time worker ay hindi maituturing na walang trabaho, at, kaya, hindi karapat-dapat para sa mga benepisyo, kun gnagtatrabaho ang part-time worker ng lahat na oras na handa siya kahit magkano pa ang kinitang pera.

**24. Maaari ba akong mag-file para sa mga benepisyo ng unemployment insurance kung hindi ko nasasapatan ang paglalarawan sa isang part-time worker, ayon sa pagkakalarawan sa tanong sa itaas, ngunit nagtatrabahao ako nang part-time?**

Kung hindi mo nasasapatan ang paglalarawan ng isang "part-time worker" gaya ng ipinaliwanag sa itaas, ngunit nagtatrabaho nang lahat na oras na mayroon ang employer mo at ang kabuuang bayad sa iyo ay mas mababa sa weekly benefit amount dagdag ang anumang allowance ng mga dependent, maaaring karapat-dapat ka para sa partial na benepisyo. Gayunpaman, kailangan na kaya mo, at handa kang aktibong maghanap ng full-time na trabaho. Hindi mo malilimita ang paghahanap mo ng trabaho sa part-time lang at maging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Gayundin, dapat mong iulat ang kabuuang sahod mo sa bawat linggo.

Kun ghuminto ka sa pagtatrabaho sa isang part-time na trabaho, dapat mong agad na abisuhan ang Division of Unemployment Insurance (DUI). Ang kabiguan na gawin ito ay maaaring magresulta sa pagtukoy ng panloloko sa unemployment insurance.

## **25. Kailan, bakit at paano ako kokontakin ng Division of Unemployment Insurance?**

Maaari kang makatanggap ng abiso mula sa DUI na hihilingin sa iyong maging handa sa numero ng telepono para makipag-usap sa isang miyembro ng staff para sa ilang partikular na dahilan. Sasabihin sa iyo ng abiso ang dahilan para sa pagtawag at kung kailan kinakailangan na nakahanda. Dapat na matatawagan ka sa numero ng telepono na ibinigay mo sa petsa at oras na ipinapakita sa abiso. Ang kabiguan na maging handa ay maaaring magresulta sa pagkaantala o pagtanggì sa mga benepisyò.

Maaari ka rin makatanggap sa pana-panahon ng abiso na hihiling sa iyo na magpakita nang personal o sa pamamagitan ng telepono para sa pagdinig ng apela. Ihanda ang abiso. Ang kabiguan na maging handa para sa pagdinig na ito ay maaaring magresulta sa pagkaantala o pagtanggì sa mga benepisyò.

## **26. Ano ang dapat kong gawin kung hindi ako makakapag-ulat o matatawagan gaya ng itinagubilin?**

Importanteng basahin nang mabuti ang anumang abiso at sundin ang mga tagubilin na ibinigay kaugnay ng dapat gawin kung hindi ka matatawagan o makaka-ulat nang personal gaya ng tinukoy sa abiso. Sa karamihan ng mga kaso, dapat mong ipadala pabalik ang abiso sa address na tinukoy sa abiso nang may paliwanag sa kung bakit hindi ka makakaulat. Gayun din, kung patungkol ang abiso sa panayam para paghahanap ng katotohanan sa unemployment insurance para maresolba ang isang partikular na problema, (halimbawa, isang boluntaryong pag-quit) magbigay ng pinakamaraming impormasyon hangga't maaari kaugnay ng issue.

Dapat na kabilang sa anumang liham ang pangalan mo, address at Social Security number. Kung mayroon kang anumang tanong, tumawag sa [Claimant Information Service](#). Ang kabiguan na maging matatawagan sa pamamagitan ng telepono o pag-ulat nang personal gaya ng itinagubilin ay maaaring magpaantala sa pagbabayad at maaaring magresulta sa pagtanggì sa mga benepisyò mo.

## **27. Ano ang kahulugan ng madiskwalipika o mamultahan? Anu-ano ang maaaring magdulot ng pagkadiskwalipika?**

Kung diskwalipikado ka, may multang ipinataw sa claim mo para sa mga benepisyò dahil hindi nasapatan ang ilang hinihingi ng Unemployment Insurance Law. Hindi ka makatanggap ng mga benepisyò hanggang sa masapatan ang multa. Nasa ibaba ang lista ng mga problemang karaniwang kailangan maresolba bago mabayaran ang mga benepisyò. Kungmay problema sa claim mo, aabisuhan ka sa pamamagitan ng koreo sa oras at petsa ng appointment para sa paghahanap ng katotohanan. Maglalaman din ang abiso ng numero ng telepono na ibinigay mo noong nag-file ka ng claim at kokontakin ka sa numero ng telepono na iyon. Ituturo sa abiso ang (mga) problemang kakailanganin resolbahin. [Tingnan ang marami pang impormasyon tungkol sa mga uri ng problema at pagkadiskwalipika na kaakibat ng bawat partikular na problema.](#)

## **28. Ano ang gagawin ko kapag nakatanggap ako ng Notice of Benefit Determination na tumatanggi sa mga benepisyò ko sa unemployment insurance at nais kong iapela ang pagtanggì?**

Ipapaliwanag ng Notice of Benefit Determination na matatanggap mo kung bakit tinanggihan kang makatanggap ng mga benepisyò ng unemployment insurance, at kung aling seksiyon ng Maryland Unemployment insurance Law ang nalalapat sa pagkakatanggi. Ihahayag din ng pagtukoy kung ggano katagal kang magiging diskwalipikado sa pagtanggap ng mga benepisyò.

Ipapaliwanag ng Notice of Benefit Determination ang mga karapatn mong mag-apela at ang huling araw na maaaring mag-file ng apela.

Ang huling araw para mag-file ng apela ay naka-print sa mga nonmonetary determination. Maaari kang mag-apela sa loob ng 15 araw ng kalendaryo at humiling ng pagdinig sa mga katotohanan. Dapat na i-file ang nasusulat na apela at dapat na i-file sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng determination. Maaaring hindi ipagkaloob ang mga hiling na apela na naka-postmark o nai-fax pagkalipas ng petsang iyon. Dapat na kasama ang lagda mo sa hiling para sa apela. Hindi tinatanggap ang mga hiling na apela na nai-file sa pamamagitan ng e-mail. Upang tanggapin ng Appeals Division ang hiling na apela, dapat na kasama ang orihinal na lagda ng taong humihiling ng apela. Maaaring hindi ipagkaloob ang mga hiling na apela na naka-postmark o nai-fax pagkalipas ng petsang iyon. Dapat na nasusulat ang lahat ng apela at isinumite sa pamamagitan ng koreo sa Appeals Division, 1100 N. Eutaw Street, Rm. 505, Baltimore, MD 21201 o sa pamamagitan ng fax sa 410-225-9781.

Dapat patuloy kang mag-file ng mga weekly claim certification nang nasa oras. Hindi ka magiging karapat-dapat na makatanggap ng mga benepisyong para sa anumang (mga) linggo na hindi nai-file nang nasa oras, kahit na manalo ka sa apela.

Kung kabilang sa isang Notice of Benefit Determination ang isa sa mga employer mo, mayroon din karapatan ang employer na iyon na iapela ang desisyon. Kung sinuman sa inyo ng employer mo ang mag-file ng apela at wal ka pa rin trabaho, dapat patuloy kang mag-file ng mga weekly claim certification mo nang nasa oras. Kung hindi mo gagawin ito, hindi ka makatatanggap ng mga benepisyong, kahit na umayon sa iyo ang desisyon sa apela.

### **29. Ano ang panloloko sa unemployment insurance at anu-anong multa ang maaaring ipataw?**

Nagagawa ang panloloko sa unemployment insurance kapay ikaw ay:

- nag-file para sa mga benepisyong habang nagtatrabaho at hindi mo inulat ang mga kinita mo o
- nagbigay ka ng mga huwad na pahayag o nabigong magbigay ng kinakailangang impormasyon upang makakuha o madagdagan ang mga benepisyong.

Kung matagpuan kang nagkasala sa panloloko ikaw ay:

- ipapalagay na nakatanggap ng labis na kabayaran para sa lahat ng benepisyong natanggap sa pamamagitan ng panloloko, at
- hindi papayagan na makapag-file para sa mga benepisyong nang isang taon simula sa petsa nang matukoy ang panloloko, at
- hihingin sa iyo na bayaran ang mga benepisyong natanggap sa pamamagitan ng panloloko bago ka bayaran ng anumang benepisyong sa hinaharap.

Dagdag pa sa nasa itaas, maaaring kabilang sa mga multa ng panloloko ang paglilitis, na maaaring magresulta sa multang aabot sa \$1,000 o pagkakakulong nang hanggang 90 araw, o pareho, dagdag ang mga multa at interes sa mga benepisyong nakolekta sa pamamagitan ng panloloko.

**Para iulat ang panloloko sa Unemployment Insurance, tumawag sa 1-800-492-6804.**

### **30. Anu-anong serbisyo o impormasyon ng unemployment insurance ang maa-access ko sa pamamagitan ng telepono? Ano ang numerong dapat kong tawagan?**

Mayroong automated na telephone information system ang Division of Unemployment Insurance (DUI) na matatawagan nang 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Ito ang [Claimant Information Service](#) na pinatutungkulan sa marami sa mga tanong dito.

- Ang numero ng telepono para sa mga taong nananahan sa Baltimore area o sa estado na bukod sa Maryland ay  
**410-949-0022**
- Ang toll free na numero ng telepono para sa mga taong nananahan sa Maryland ngunit sa labas ng Baltimore calling area ay  
**1-800-827-4839**
- Ang Maryland Relay number para sa may kapansanan sa pandinig ay 711.

Para ma-access ang isa sa mga sumusunod na opsiyon s impormasyon, pindutin o sambitin ang numero na kaugnay ng hiniling na opsiyon.

- 1 Para mag-file ng Telecert o makakuha ng impormasyon sa kabayaran
- 2 Paano mag-file ng unang reopen claim, mga numero ng telepono at mga oras ng operasyon
- 3 Impormasyon sa mga labis na kabayaran, mga tax form at Tax Refund Intercept Program (TRIP), mga multa o apela
- 4 Pagbago ng address
- 5 Para kausapin ang isang operator

Kung tumatawag ka mula sa isang rotary phone, dapat mong sambitin nang malinawa ang mga numerong "one", "two", "three", "four" o "five" para piliin ang opsiyon ng impormasyon na nais mo, at uunawain ng system ang pinili mo. Mga simpleng tagubilin ang ibinibigay sa mga tumatawag na rotary ang telepono para ipaliwanag kung paano gagamitin ang speech recognition.

Magagamit ang automated na voice response service nang 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Nakahandang tumulong ang mga service representative para sa mga espesyal na problema o katanungnan nang Lunes hanggang Biyernes from 8:00 a.m. hanggang 4:00 p.m. EST sa anumang araw ng linggo maliban sa mga holiday ng Estado.

### **31. Kailan ako makikipag-ugnayan sa Division of Unemployment Insurance (DUI)?**

Dapat kang tumawag sa DUI kapag:

- Una kang mawalan ng trabaho at nais mong i-file ang unang claim mo para sa mga benepisyo ng unemployment insurance;
- Nagfa-file ka para sa mga benepisyo, nagtatrabaho at kumikita ng sahod na katumbas ng o higit pa sa weekly benefit amount mo sa loob ng anumang linggo, at ngayon ay ganap o partial na walang trabaho at nais na ituloy ang pag-file para sa mga benepisyo ng UI; o
- Hiniling sa iyo, maging sa pamamagitan ng telepono o pagtanggap ng nasusulat na abiso, na gawin ito ng sinumang staff ng DUI.

### **32. Paano ako makahanap ng tulong sa paghanap ng trabaho?**

Maaari kang makikipag-ugnayan sa [Maryland Division of Workforce Development and Adult Learning \(DWDAL\)](#). Maaari ka rin bumisita sa [Maryland Workforce Exchange \(MWE\)](#) sa pamamagitan ng internet. Lahat ng claimant ay dapat na magrehistro sa DWDAL sa loob ng limang (5) araw ng pag-file ng kanilang unang claim certification para sa mga benepisyo ng Unemployment Insurance. Isa pang opsiyon na maaari mong isaalang-alang ay ang pagbisita sa inyong lokal na American Job Center para sa personal na tulong sa paghahanap ng trabaho. Tuntunin ang pinakamalapit na [American Job Center](#) online.

## **IMPORMASYON NG DEBIT CARD AT PAGBABAYAD NG BENEPISYO**

### **1. Ano ang Maryland Unemployment Insurance Benefits Debit Card?**

Ang Maryland Unemployment Insurance Benefits Debit Card ay isang Visa® debit card na ini-issue sa pamamagitan ng Bank of America. Ang card na ito ay hindi isang credit card. Wala itong dalang credit line at hindi ka sasailalim sa credit check o proseso ng pag-apruba para matanggap ang card. Limitado ang mga pagbili at pag-withdraw sa balanse ng card mo. Balido ang card na ito nang tatlong taon.

### **2. Lahat ba ng benepisyo ng unemployment insurance ay ibinabayad sa pamamagitan ng debit card?**

Hindi mo kailangang tanggapin ang mga kabayaran mo sa benefits card na ito. Mayroon kang opsyon na piliing matanggap ang mga kabayaran mo sa UI sa pamamagitan ng papel na tseke na ikokoreo sa address mo. Kung nais mong matanggap ang mga pagbayad ng benepisyo mo sa pamamagitan ng papel na tseks na ikokoreo sa address mo, tumawag sa:

- 410-949-0022 (sa labas ng Maryland o sa loob ng Baltimore-metro calling area);
- Kung hindi, tumawag sa 1-800-827-4839 para hilingin ang opsyon na ito.

### **3. Kung makatanggap ako ng debit card, nangangahulugan ba iyon na nasasapatan ko ang panukatan sa pagkakarapat-dapat na makatanggap ng mga benepisyo ng unemployment insurance ng Maryland at nabayaran na ako?**

Oo. Kung **aprubado ang mga pagbayad sa UI mo makatatanggap ka ng debit card**. Una, makatatanggap ka ng abiso na pinamagatang "Notice of First Benefit Payment Approval and Mailing of Your Bank of America Debit Card." Pagkatapos ay matatanggap mo dapat ang debit card mo sa loob ng 10 araw. Darating ito sa loob ng puting sobre na may logo ng State of Maryland logo at isang gray, na Tennessee return address sa kaliwang-itaas na sulok. Ikokoreo ito sa address na binigay mo sa ahensiyang ito. Hindi ito ifo-forward. **Dapat mong i-activate ang card mo sa sandaling matanggap mo ito.**

Ang pagtanggap sa card ay nangangahulugan na handa na ang mga unang kabayaran mo, ngunit hindi ito nangangahulugan na awtomatiko kang magiging karapat-dapat na patuloy na makatanggap ng mga benepisyo ng UI. Gayunpaman, kung patuloy kang mag-file ng mga weekly certification na nasa oras at patuloy na nasasapatan ang lahat ng hinihingi sa pagkakarapat-dapat ng Maryland UI Law, lahat ng mga pagbabayd sa hinaharap ay gagawin sa pamamagitan ng Bank of America debit card. Para makuha ang impormasyon sa mga hinihingi sa pagkakarapat-dapat ng UI, para mag-file ng Webcert weekly claim certification, o para makuha ang numero ng telepono ng claim center, sumangguni sa iba pang seksiyon ng website na ito.

### **4. Kailan ako hindi makatatanggap ng debit card?**

Kun gpinili mong matanggap ang mga benepisyo ng UI sa pamamagitan ng mga papel na tseke, sa gayon ay hindi ka makatatanggap ng debit card. Dagdag pa rito, kung hindi aprubado ang mga pagbayad sa UI mo, hindi ka makatatanggap ng debit card. Kabilang sa mga dahilan na makapipigil sa iyo na maaprubahan para sa mga benepisyo ang: hindi ka karapat-dapat na makatanggap ng pera; tinanggihan kang makatanggap ng mga benepisyo ng UI sa kadahilanang hindi kaugnay ng pagtanggap ng pera (halimbawa, nag-quit ka o natanggal sa trabaho, hini ka makapagtrabaho, atbp.); o hindi ka nag-file ng weekly claim certification nang nasa oras. Para sa mas detalyadong paliwanag tungkol dito at sa iba pang dahilan, sumangguni sa iba pang seksiyon ng website na ito.

### **5. Paano mo maa-access ang mga kabayaran ng benepisyo ko sa unemployment insurance gamit ang aking debit card?**

Para ma-access ang pondo mo gamit ang card mo, nang walang bayad, magagawa mong:

- I-access ang cash sa pamamagitan ng mga bank teller sa anumang bangko na tumatanggap ng Visa.
- Ilipat ang mga kabayaran ng unemployment insurance mo sa personal na bank account mo (halintulad sa direct deposit). Dapat na mayroon kang email address para sa direct transfer.
- Mag-withdraw nga cash mula sa isang Bank of America ATM nang libre.
- Makatanggap ng cash back sa mga piling lokasyong ng retail point-of-sale.
- Bumili sa pamamagitan ng mga transaksyon na batay sa lagda o pin.
- Gumawa ng 6 na pag-withdrawal na walang bayad kada buwan month gamit ang ATM sa labas ng Bank of America ATM network. Maaaring maningil ng bayarin ang may-ari ng ATM.

## **6. Maa-access ko ba ang buong cash na halaga ng benepisyong unemployment insurance sa parehong araw na magagamit na ang pondo?**

Oo. Maaari nang i-withdraw ang pondo sa araw ng pagbabayad. Walang nakatakdang halaga na maaaring i-withdraw mula sa isang ATM mula sa isang hindi-Bank of America na ATM. Nagtatakda ang bawat ATM ng sarili nitong limit sa halagang maaaring i-withdraw nang minsanan sa loob ng isang araw. Gayunpaman, kung iwi-withdraw mo ang pera mula sa isang teller sa isang bangko na nagdi-display ng Visa logo, mawi-withdraw mo ang buong balanse na nasa card mo.

## **7. Kailan ko matatanggap ang unang kabayaran ko?**

Agad na magagamit ang lahat ng kabayaran benepisyo na ginawa bago matanggap ang debit card kapag natanggap mo ang debit card mo. Upang makatanggap ng mga susunod na kabayaran, dapat kang mag-file ng mga weekly claim certification mo (hiling na pagbayad) nang nasa oras. Magagamit ang mga pagbabayad na ito sa hinaharap sa debit card mo sa pagsapit ng 5:00 p.m. EST sa susunod na araw ng trabaho (Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga holiday) kasunod ng petsa na maproseso ang weekly claim certification mo. Nalalapat ito sa kapwa mga Webcerts (weekly claim certification na nai-file sa pamamagitan ng Internet) at mga Telecert (mga weekly claim certification na nai-file sa pamamagitan ng telepono). Halimbawa, kung mag-file ka ng weekly claim certification mo nang Linggo, ipoproseso ito sa Lunes ng gabi at magagamit ang pondo sa debit card mo sa Martes pagsapit ng 5:00 p.m. EST. Makukuha ang mga petsa ng pag-file ng weekly claim certification sa internet sa unemployment insurance (Webcert) page at sa Bank of America website.

Makukuha ang petsa at halaga ng huling pagbayad na ibinigay sa iyo sa nakalipas na 30 araw sa pamamagitan ng pagtawag sa [Claimant Information Service](#) at pagpili sa opsiyon na impormasyon ng pagbayad o sa pamamagitan ng pag-access sa [mdunemployment.com](#), pag-click sa "File Your WEBCERT" at pagpili sa "Payment Information". Hindi mo maaaring gamitin ang website ng unemployment insurance para sa impormasyon ng pagbayad maliban kung gumagamit ka ng WEBCERT para i-file ang mga weekly certification mo.

HUWAG magtatanong tungkol sa kabayaran mo nang hanggang lumipas ang 48 na oras man lang pagkaraang i-file ang weekly claim certification mo. Pinoproseso ang mga pagbayad nang gabi sa mga araw na may trabaho lamang.

Makukuha rin ang impormasyon ng pagbayad sa [Bank of America website](#). Tingnan ang gabay mong Bank of America "[Maryland Unemployment Insurance Benefit Debit Card](#)".

Kung pinili mong matanggap ang mga benepisyo mo sa pamamagitan ng papel na tseke, matatanggap mo ang unang kabayaran ng mga benepisyo mo sa pamamagitan ng tseke na ikokoreo sa iyo sa pamamagitan ng U.S. Postal Service.

### **8. Paano ko malalaman kung kailan naidagdag ang pondo sa card ko?**

Maaari kang mag-sign up para sa opsyonal na text o e-mail notification sa pamamagitan ng [Bank of America website](#).

### **9. Paano ko sisilipin ang balanse ng debit card ko o subaybayan ang paggastos ko?**

Masisilip mo ang balanse o buod ng impormasyon ng account mo online sa [Bank of America website](#), sa isang Bank of America ATM nang walang singil, o makatatawag ka sa Customer Service ng Bank of America sa 1-855-847-2029. Kung sisilipin mo ang balanse sa ibang ATM, maaaring maningil ng bayarin ang may-ari ng ATM.

### **10. May mga bayarin ba sa paggamit ng debit card?**

Tingnan ang "[Schedule of Bank Fees](#)" na kaugnay ng debit card na ito.

### **11. Paano ko ililipat ang pondo sa debit card papunta sa personal na bank account ko?**

Mapipili mong ipalipat ang mga pagbabayad sa card papunta sa personal na bank account mo. Halintulad ito sa direct deposit. Ang mga tagubilin ay nasa mga babasahin na ipinadala sa iyo ng bangko na pinamagatang "[Your Maryland Unemployment Benefits Debit Card](#)." Ipinapakit ng dokumento ang halimbawa ng kung paano i-set up ang paglipat ng pondo sa personal na account mo. Isi-set up mo ang paglipat sa [Bank of America website](#).

Para sa mga benepisyo na nailagay na debit card, maililipat mo ang mga ito sa personal na account mo gamit ang [Bank of America website](#).

IMPORTANTE: Dapat na may balido kang e-mail address upang maitatag ang paglipat ng pondo papunta sa personal na bank account mo. Pinoprotektahan ka ng feature na seguridad na ito laban sa anumang mapanlokong aktibidad. Makatatanggap ka ng e-mail na nag-aabiso sa iyo tungkol sa hiling na mag-set up ng direct transfer.

### **12. Kung ihinto ko ang pag-file para sa mga benepisyo ng unemployment insurance at pagkatapos ay muling mag-apply sa ibang panahon, gagamitin ko ba ang parehong debit card?**

Oo. Kakailanganin mong ingatan ang debit card mo sakaling tatanggap ka ng mga pagbayad sa hinaharap mula sa State of Maryland. Balido ang debit card nang tatlong taon.

### **13. Ano ang dapat kong gawin kung magbago ako ng address?**

Dapat mong abisuhan ang Division of Unemployment Insurance (DUI) sa 410-949-0022 o 1-800-827-4839 (sa labas ng Baltimore area pero sa loob ng Maryland) tungkol sa pagbago ng address mo. Kung pinili mong makatanggap ng mga papel na tseke, ipapadala ang mga ito sa pamamagitan ng koreo. Kaya, importanteng taglay lagi ng DUI ang kasalukuyang address mo. Dagdag pa, maaaring magpadala sa iyo ng mga abiso mula sa DUI at ang kabiguan mong tumugon sa impormasyon/mga tagubilin na nasa mga abisong ito ay maaaring magresulta sa pagkaantala ng mga benepisyo mo.

### **14. Ano ang gagawin ko kung mawala o manakaw ang debit card ko o nagkaroon ng hindi awtorisadong paggamit sa debit card ko?**

Agarang makipag-ugnayan sa Bank of America sa pamaamgitan ng pagtawag sa 1-855-847-2029.

### **15. Kailan ako makikipag-ugnayan sa Division of Unemployment Insurance?**

Makipag-ugnayan sa Division of Unemployment Insurance para sa mga alalahaning kaugnay ng pagkakarapat-dapat mo para sa mga benepisyo ng unemployment insurance, hal., para kwestiyunin ang halaga ng mga benepisyo na ibinayad sa iyo o para makatanggap ng paliwanag kaugnay ng pagtanggap sa mga benepisyo, atbp.



Kung lilipat ka, **dapat** mong baguhin ang address mo, numero ng telepono at email address sa Division of Unemployment Insurance sa 410-949-0022 o sa 1-800-827-4839 (sa labas ng Baltimore area pero sa loob ng Maryland).

Matitingnan mo ang buong polyetong pinamagatang "Your Maryland Unemployment Benefits Debit Card" na inilabas ng Bank of America.